

## Nagpuntang Ministop at Napamuni on Evaporation

ni Emil Abitria

Anong unang naiisip niyo pag naririnig ang salitang “yelo,” o “ice”?

Kung “yelo,” siguro ano, mga dilawan, si kori akino, si kris akino, si panoynoy, mga ayaw sa puong presidente, si mar ‘mr. palengke’ hasyendero.

Kung “ice,” ice ice bebe; ice tubig after nang pawisang laro ng basketbol sa kanto ng kalsada; ice candy na pwedeng tang grapes flavor, o tang mango, o eight o’clock pomelo flavor; ice pick na mahirap gawing pang-tutpik pero madaling gamiting pansaksak sa matang nanlilisik.

Nadaan akong ministop kanina, bibili lang sana ng chewing gum nang makita ko ang ref na punumpuno ng yelo. Naalala kong nanlalagkit ako at mga kabahay ko kahapon, alas-dos impunto ng tanghaling tapat sa Maynila, Oktubre, “ber” months na pero napag-iwanan ng jose mari chan at mariah carey songs ang pampasko raw na simoy ng hangin. Di na ako bumiling chewing gum, bazooka, kilo-kilong yelo na lang saka de-paketeng juice na powder, orange flavor, for old taym’s seyk.

Pauwi na ako at bitbit ang yelong unti-unting natutunaw sa papatinding sikat ng araw. Lampas alas-nuwebe pa lang kaya di pa ‘to tirik na tirik pero ganun pa rin, mainit at parang gusto ko munang huminto at ipunas sa mukha ko tong tipak ng yelo.

Hindi maaari. Binili ko ang yelo para sa pampalamig na tang orange juice mamayang tanghali, kabilugan ng araw. Pero mabilis din ang pagtagaktak ng pawis ko at ng natutunaw na yelo. Likido likido likdio, patak patak patak sa sementong kalsadang init na init na rin. Proseso ng ebaporasyon na naalala kong tinuro sa amin ni Mam Danislao nung grade payb.

Naalala ko rin ang isang misteryo dati sa munting librong *Pinoy Puzzles and Riddles, Mysteries Solb!* May isang lalaki raw na natagpuang walang buhay sa isang kwarto na walang laman kundi buhol ng lubid na madalas ginagamit ng mga nagpapatiwakal. Ang palaisipan sa mga imbestigador: malabong nagpakamatay ang lalaki dahil wala naman siyang maaaring natuntungan para ipasok ang mukha niya sa lubid. Baka raw kyureysyon lang ito ng murderer para pagmukhaing suicide ang nangyari. Ang isa pang clue: may nagkalat na likido kung saan nakahandusay ang patay na katawan. Naihi kaya ang lalaki? Pero hindi amoy-panghi ang likido.

Alam niyo kung nasaan ang susing clue sa kasong ito? Wala sa pahina ng *Pinoy Puzzles and Riddles, Mysteries Solb!* Wala doon kundi nasa kamay ko ngayon: yelong natutunaw, matutunaw at matutunaw basta wala ka sa Siberia o kung saan mang bumubuga rin ng yelo ang mga tao.

Napaisip din ako doon ha: kung pwedeng gamitin ang yelo sa pagpapatiwakal, bakit hindi sa pagkitil ng buhay? Literal na mawawala ang murder weapon. Hindi ba? Pero bakit ba ko napunta dito at wala naman akong balak pumatay. Kayganda ng buhay, ansarap ‘di wakasan: nadaan ka lang kumbinyens store para bumili ng chewing gum, napabili kang yelo at napamuni tungkol sa ebaporasyon at kawalang-buhay.

Mukha na akong naihi sa salawal. Etong init ngayon sa Kamaynilaan, sapul ang minsang naririnig na sabi-sabing “basa hanggang singit.” Patungkol sa pawis ha, hindi kung anumang iba pang likido. Sa kaso ko nga lang ngayon,naghalong pawis sa singit, at tumulong natunaw na yelo sa shorts ko. Hay buhay, basang-basa sa kabalbalan at kabuluhan.

## Yakang-yakang tumula: rebyu ng *Sa Ibang Katawan* ni Lean Borlongan

**ni I.E.**




“More bravado than anything else,” kapangahasan lang, ng pananalita, ng mga pahayag, husga ni Resil Mojares sa sinabi ni Bien Lumbera noong 1968, “We are today witnessing our last generation of writers in English.” O ang sinabi ni Rizal tungkol sa mga “stupid and incompetent men who submit to everything, who endure all the caprices and exactions of the curates and of the authorities.” “Exaggerated for political effect," sa palagay ni Fast at Richardson: pahayag tungkol sa mga Indio na tumangan ng mga posisyon sa munisipyo nang magsimulang mawalan ng gana ang mga naunang principalia dahil sa tumitinding burukrasya ng Kastila-Katolikong hirarkiya.

Kapangahasan na lang din kung babansagan ang **Sa Ibang Katawan** ni Lean Borlongan bilang kung anumang una, o katangi-tanging ganito ganyan—the same way na pina-fancy ko minsang tawaging “first call center novel” ang **The Quiet Ones** ni Glenn Diaz; at baka kapabayaan na kung ikabit pa ang bansag sa lohikang dinidikit masyado ang kakayahan sa katawan.

~~Sa Ibang Katawan ni Lean Borlongan, unang poetry collection mula sa isang may mild hydrocephalus.~~

May obsession yata ang writing community sa “boses,” at least base sa workshops na nadaluhan ko. Kundiman sa palasak na ideya ng romantic author galing, sa kadikit pa rin nitong ideya na pagsulat bilang self-important at slightly messiahnic na aktibismo, hal., pagbibigay-boses sa mga walang boses, sa mga inaapi. Sa umpisa ng “Bukambibig,” *Hindi ako masalita/gayong laging may nais/sabihin.* (3) “Ang Mga Tao”… *nais lamang nilang/magtawid ng mensahe.* May pihit ng yabang—*Parang tanga/ang mga putangina./Mas matalino pa ako sa kanila./*--na babawiin din naman, *nasa akin ang bagahe/ng pag-unawa./Nais lamang nilang/magtawid ng mensahe* (30). Tungkol sa pagsulat, *ayaw kong tanggaping ito lamang/ang kaya kong gawin./Dahil hanggang sa sirang katawan/tumatagos ang yabang/ng uring pinagmulan* (23).

Batbat ng kontradiksyon ang mga tula— tulad ng lahat ng bagay, mas litaw lang dito—*Hindi niya matanggap/ang kaniyang katawan./Hindi niya matanggap/na gusto niyang tanggapin./* (27). At maski ang pagtula na tangkang porma sana upang iresolba ang mga kontradiskyon— *Narito ang damdaming/hindi mailahad nang hayag/ (36), Sa katawan ng tula/hindi pumipitlag ang mga ugat/* (37)— ay pinuputakti rin ng tensyon.

SUNDAN SA P. 6

Ang TILA ay isang teksto-bagay na nag-iiba ng anyo sa bawat isyu. Susubukan nitong maging lunsaran ng mga "tila-panulat" at dyornal ng mga "parang-kritisismo," salin, sanaysay na hindi kadalasang nilalabas sa ibang publikasyon.

Tumatanggap kami ng mga pitch . Ilang halimbawa ng ilan naming interes:

mga fenomenong mahirap isawika tulad ng amoy at lasa; mga limot na sining at kaugalian; mga pinagbabawal na teknik; mga haka-hakang agham at teknolohiya; pseudo-medisina; mga modus operandi; modular na ispiritismo; kasaysayang pre-, post-, at exo-historikal; mga panulaang hindi gumagamit ng salita; cosmetics; kababalaghan; di-organikong sekswalidad; pulitikang mikrobiyal (fermentasyon bilang micro-pasismo?); at iba pang mga tulad nito

Pedantic Pedestrians

2020. Proyekto ng Pedantic Pedestrians.
pedanticpedestrians.wix/works



# RADEKAL NA BALOT: ANG AKENG PAGSELEP SA BYAK NG KAKATWA NETONG KAYAREAN, AT MGA EBA PANG PANGYAYARE

NI CLAIRE PANACLONG-WEISS

*Naririnig nyo ba*
*ang tindero*
*ng balot?*
*Nasa labas ng kalsada*
*ang putanginang*
*tindero*
*ng balot!*
*-Taguro*



[Kanan] Malikhaing rendisyon sa modelong 3-D ng planetang Mars at ng sinauna nitong karagatan, 3-4 na bilyong taon na ang nakalilipas, imahen ni M. Kornmesser / ESO / N. Risinger, skysurvey.org; [Kaliwa] Balut

**I. Melodiya**

Onang araw ng GCQ. Geneseng ako ng nakakabolahaw na telean ng mga batang naglalaro sa labas. Tara na, tara na, pontahan na naten ang pono ng lompia! sabe ng esa sa kanela. Tawanan. Naglalaro sela ng isang baryasyun ng 'bang-sak.' Ang taya ay tinawag nilang Kubid. Eto ang pomotol sa aking malinamnam na sanang seyesta.

Maitutureng ko sanang masama ang akeng geseng, pero may nauleneg aku sa malayo, alolong ng kong anu. Papalobog na ang araw. Tao. Nagbibinta ng kung ano. Uu, ditu ko onang nareneg ang tawag ng magbabalot na magbabago sa akeng pananaw sa mondo.

Ang kanyang tawag ay may kakaebang melodya. Agad akong komoha ng bulpin para isolat ang naholeng mga nuta.



Agad akong lomabas, nagkomahog sa pagsosoot ng tsinelas, para habolen ang magbabalot, ang kanyang tinig. Hende ko siya naabotan. Hende ko na siya makeketang mole.

**II. Panimulang Saleksek**

Elang lenggo rin ang magdaraan bago ko toloyang mapagpasyahan na magsaleksek tongkol sa akeng nareneg na tawag. Marame-rame na ren akung mga kaibigang nagsabe sa aken na sela mismu ay nareneg na ang tawag na itu. Marame-rame na rin ang talagang nakabele ng kanyang prodokto. Dahel hende ku alam kung saan hahagelapen ang natorang magbabalot nagpasya akong gugulen ang mga bowan ng lockdown sa pagsasaleksek.

Belang maboteng mag-aaral, senemolan ko ang pagsasaleksek sa enternet. May elang forom na ang naelaan sa pagpapaletan ng koro-koro okol sa magbabalot na itu. Ayun sa elan, sya ay maaareng mamataan sa mga barangay sa bawndari ng Kisun Siteh at Bolacan at sa Lagona. Mayruun deng nagsabeng siya'y napapadaan sa Antepulu, Tiaong (Quezon Province), sa Naga, mageng sa Sibu, Sabang (Palawan), Cagayan de

Esa sa mga penakamalakeng tanung sa akeng pagsasaleksek ay kong ang magbabalot na itu ay esang tau lamang o benoboo ng marameng miyembro. Karamehan ng mga nagsabeng nakabele ng balot mola sa kanya ay magkakaparihu ang ibenebegay na pagsasalarawan: may kaleetan, may soot na makapal na balabal. Hende eto nagsasaleta kaya't hende malinaw kung siya ba ay lalaki or babae or elgebete.

May elang nagsasabing enelalagay ng magbabalot ang kanyang mga panenda sa esang belugáng tampepe na maareng gawa sa pinatoyong dahon ng water lele. May elan naman na nagsasabeng may dala syang tupperware kong saan nakalagak ang mga balot.

**III. Permutasyon**

Dahel lobhang magkakasalongat ang mga ditalyi habang masyadu namang magkakaparihu ang iba, menarapat kung palawaken ang akeng pagsasaleksek. Senemulan ku itu sa kasaysayan ng balot na etenotorong nagmola sa Tsayna. Marame ren akung nalaman tungkol sa eba't-ebang permotasyon ng potahe na itu, partekular na sa Timug-Silangang Asya.

Tulad ng alam na ng karamehan, naboboo ang balot mula sa etlog ng etek na *Anas platyrhynchus*. Henahayaan itung bomoo ng beleg o embryo sa loob ng 14-18 na araw.

Ngunit maleet na bahage lamang ang uras or duration sa paggawa ng balot. Lobhang masilan ang beleg sa loob ng etlog, na kahet ang penakamarahang pagbabagu ng timpiratura, halembawa, ay maaareng apiktuhan ang melyon-melyong mikroskopikong prosisung nagaganap sa loob ng etlog. Tulad ng boto ng halaman, ang mga prusisu ng pagbabago sa loob ng esang itlog ay hende linear at temporal. Lubha itung naeeba sa mga mammal kung saan may teyak na tagal ang pag-onlad mola pagponla sa matres hanggang sa pagselang.

Ang bawat balot ay may sareleng takbo ng uras na hende lobos na nakalapat sa statekong uras ng tao. Sa loob ng bawat balot, nagsasalikop na mga hibla ng mga bertuwal na pusibilidad na may kanya-kanyang landas na maareng maesakatoparan at mabansot, hanggang domolo, na parang melagro, sa isang nelalang (sesew) na maituturing na may teyak na hoges at anyo - sa madaleng sabe ay tapós, boo, at wala nang kahet anong bahed ng nakaraan netong batbat ng potensyal- ang matematikal nitung kabalegtaran.

Sa blobjectibistang lapit, maaare nating pangalanan ang balot belang isang pinaghihinalaang-bagay-na-hindi-tiyak (putative vague entity) o iyong mga bagay na "malabo ang hangganan at kayarian." Ang balot ay may angking "labes-na-salegotsot" ("hyper-chaos," sa sulatin ni Meillasoux): "walang rason opang ang anoman ay manateleng kung anu ito; lahat ay maaareng mageng hindi kung ano ito/ maging anoman na hende ito sa kasalukuyan, nang walang dahelan o abiso."

Paano ko nasabe? Una: uu, bagama't ang sesew ay maaare pang lomake at maging etek, ang landas ng pagbabago nitu mola sesew patungong etek ay nakaokit na sa kanyang DNA (ganonpaman, may elang eksepsiyun ditu tolad ng mga sesew na nakaranas ng mutasyon, saket, o anomang pagbabagu sa kudigung nakasulat sa DNA).

SUNDAN SA P. 3



# Taklesan

LOVE ADVICE WITH DOC WILMA



*Hi everyone, I'm Doc Wilma Ong, ang love doctor ng bayan. Today we have three people who are currently experiencing some heart-related dilemmas. Let's hear them.*

**Lorraine, 28. LDR kami ng karelasyon ko. Siyempre hassle ngayon dahil sa COVID. Nagtatawagan kami halos araw-araw, pero eventually, tumigil siya sa pagtawag. Nag-effort din ako na tawagan siya, pero busy daw siya. Eventually, tinanong ko siya kung gusto na ba niya makipag-break. Ayaw naman niya. Pero ngayon halos di na kami nag-uusap, at parang wala siyang gana kapag tinatawagan ko siya. Tapos ayaw naman niya magbreak. Ano na?**

Kung gusto mo pang ituloy ang relasyon niyo, kailangan mo siyang tapatin. Mag-usap kayo nang masinsinan, dahil usapin na ito ng commitment. Natural lang na manamlay ang relasyon dahil sa LDR, kaya dapat doble ang effort ng communication. Kung walang effort from both parts, ibig sa bihin kulang sa commitment. Mahalaga ang commitment sa relasyon. Paano na yan kung mag-aasawa kayo, pag may anak na kayo? Hindi na lang niya gagawin ang commitment niya dahil 'wala siya sa mood'? Hindi dapat ganon. Kapag hindi pa rin siya nagbago after the talk, dump him.

**Robert, 21. Magandang araw, ako po si Robert. Ang problema ko po ay sobrang lakas ng sex drive ko. May karelasyon po ako, at tingin ko po ay masaya naman siya. Kaso ako po ay palaging nabibitin, hindi ko mapigilang maglandi. Yes, nagcheat na po ako several times. Mahal ko po ang boyfriend ko pero I want to be more free in sexual terms. Na-open ko na po ito sa kanya pero ayaw niya. Is it time to break it up?**

Oo Robert, it's time to move on. Normal lang na malakas ang sex drive mo lalo sa ganyang edad. Pero ibang usapan na yan kapag may karelasyon ka na hindi agree sa gusto mong gawin. Break it up, maghanap ka ng karelasyon na payag sa gusto mo. Stay protected.

**Ella, 24. May BF ako, 8 months na kami. Lately, mas nagshesharena kami sa isa't-isa. Tahimik siyang tao, medyo mahiyain, hindi rin siya masyadong nagso-social media. Mabait siya. One day, nag-usap kami about politics. Nagulat ako na ok lang daw sa kaniya na hindi na renew ang franchise ng ABS-CBN dahil hindi daw nila tinuturing ng maayos ang employees nila. At oligarchs daw sila. Hindi siya nagpopost ng kahit anong political, pero eventually narealize ko na DDS siya. Binoto niya si Duterte, at suportado niya lahat ngsinasabi ni President. Doc Wilma, anong gagawin ko? Hindi ako agree sa extra-judicial killings, sa pagpatay sa democracy in the name of false anti-oligarch bullshit, kumukulo dugo ko tuwing nagsasalita si Duterte, lalo na nung tinakot niya mga front-liners. Pero mahal ko boyfriend ko. What to do?**

First step: usap kayo.

Alamin mo kung saan siya nanggagaling, bakit ganun siya mag-isip. Hindi natin dapat iniisip na ang mga DDS ay mga bobong troll lamang. Karamihan sa kanila ay binoto si Duterte dahil sawa na pekeng demokrasya ng mga so-called oligarchs. Umasa ang karamihan sa kanila sa mga ridiculous na mga pangako ni Duterte. Hanggang ngayon, mayroon pa ring mga taong katulad ng boyfriend mo. Pero paunti na sila ng paunti. At naka-life support na lang ang tiwala ng mga tao kay Diggy, via his bayarang trolls.

Ngayon, i-contextualize mo ang mga pananaw niya. Then, calmly tell your side. Na mali pumatay ng mga inosente, farmers, activists. Na hindi na-solve ang drug problem, pinatay lang yung mga small-time na mahihirap. Na bahag ang buntot niya sa China. Na palyado ang pagresponde ng gobyerno sa pandemya, nagfocus sa pananakot at pananakit sa mga kritiko sa halip na mga komprehensibong solusyong medikal. Pag-ihi at pagpatay lang ang solusyong alam niya sa lahat ng problema ng bansa. Huwag mong madaliin. Huwag mong ituring na debate ang pag-uusap. Dahan-dahanin mo, but assert your principles, hanggang ma-gets niya na he should either try to understand you or you should rather call it quits. If none of these works, maraming ibang options, frend.

*Mayroon ka bang mga dinaramdam sa usaping pag-ibig at pakikipag-relasyon? Kailangan mo ba ng advice? Huwag mahiyang ipadala ang iyong kuwento sa aming social media sa tilaph@protonmail.com.*

## Gawa ng Kapalaran



ni Señora Hermoheña

**CAPRICORN:** (Dis. 22-Ene. 19) Ngayong araw, kalimutan muna ang mga inaalala. Balikan ang kabataan at gawin ang hilig mo noon, kahit thirty minutes lang. Bumuo ng routine matapos ang hilig. Maswerte ang pagkain ng kahit anong masabaw. Iwasan magsuot ng shades ng blue. Lucky color: Magenta. Lucky food: Kape

**AQUARIUS:** (Ene. 20-Peb. 18) Makipagkita sa mga kaibigan (iwasan ang odd number sa gathering) kung may pagkakataon, panahon na ring itigil ang pinaiiral na LDR. Kung naghi h inta y ka ng sign sa isang malaking desisyon, hintayin ang lucky color na magpapakita sa paligid. Lucky color: Sunset yellow. Lucky food: Vegan Pares.

**PISCES:** (Peb. 19-Mar. 20): Kung nawalan--ng trabaho, katinuan o paboritong unan--ngayong pandemya, wag isiping lahat naman ay nawalan. Ang pagkainis ay senyales ng pag-asa. Pagmasdan ang nararamdaman at magsisimula ang paghilom. Tiwala lang sa pagpintig. Lucky color: Lansones yellow. Lucky food: Lansones.

**ARIES:** (Mar. 21-Abr. 19) Magbibigay ng feel good happy feelings ang pagtulong mo sa iba, lalo na sa mga kamag-anak na hindi mo nakasama sa loob ng humigit anim na buwan dahil sa quarantine. Malayo ka man sa kanila, ayos lang, nandyan naman ang messenger, diba? Hmmm. Lucky color: Cornflower blue. Lucky food: Spanish bread.

**TAURUS:** (Abr. 20-May. 20) Ibook mo na ang trip para sa iyong parating na kaarawan sa susunod na taon at pagkatapos ay mag-ayang makipag-inuman sa susunod na biyernes. Doon kayo sa open space para mababa ang chance ng hawaan sa C OVID o kaya enuman na lang? Dalhin ang mga paboritong essential oils lalo na sa mga pagpupulong. Huwag kumain ng may mani hanggang makita ang crescent moon. Lucky color: Grizzly Brown. Lucky food: Pizza.

**GEMINI:** (May. 21-Hun. 21) Mas bagay sa'yo ang block tasking kaysa sa pomodoro tasking, maniwala ka. Pero sige, sundan mo na lang rin ang instinct mo. Matatapos rin naman talaga ang kahit anong nasimulan, sa totoo lang, basta mahalaga, nagsimula ka. Onward! Lucky color: Ash Black Lucky food: Wintermelon milk tea with extra pearls.

**CANCER:** (Hun. 22-Hul. 22) Binabati kita sa nakamit mong hakbang na matagal-tagal mo nang n inan ais gawin! Pero hindi pa dito natatapos, hindi pa pwedeng magrelax sa ngayon hangga't hindi pa naging kumpletong natapos ang panahon ng mga gamu-gamo. Lucky color: Marble gray. Lucky food: Celebratory sandwich.

**LEO:** (Hul. 23-Ago. 22) Ang pagkabigo sa pag-ibig ay magbubukas ng iyong mundo sa mas malawak na unibersong hindi na lang umiikot sa isa. Igugol ang panahon sa pagpipino at pagkilatis sa iyong pangarap. Darating rin ang paglilinaw ukol dito, ngunit kailangang mag-imbestiga. Lucky color: Red. Lucky food: Lauriat.

**VIRGO:** (Ago. 23-Set.23) Humalakhak sa mahabang listahan ng mga kailangang habuling outputs, at ibulong ang mantra: "just plug in." Bumuo ng checklist at mariing icross out ang bawat matapos na to-do. Lucky colors ay black at shades ng green. Lucky food: phở.

**LIBRA:** (Set. 24-Okt. 23) Magtiwala sa kutob. Idelay ang pagbili ng bagong bagay hanggang sa dumating ang bagong buwan. Lucky color: Sky blue. Lucky food: Sinangag na walang kasamang itlog.

**SCORPIO:** (Okt. 24-N22) Bantayan ang ikapu sa mga normal na gawain. Buksan ang iyong senses sa mga signos mula sa universe. May paparating na pagbabago sa iyong buhay. Lucky color: Satin brown. Lucky food: Anything na dineliver.

**SAGITTARIUS:** (Nob. 23-Dis. 21) Pansinin at subukang maging bukas sa mga bagong paraan nang pagtatrabaho upang kahit paano ay maka-responde sa sitwasyon. Tila sapat na rin ang anim na buwan upang makapag-adjust, diba? Lucky color: Lucky food: Basta may siling labuyo.

# 10 WHEELER

*ni Jubert Cabrezos*

KRANG! KRANG!
Tugugugugugugugugugugugugug
Minsang sinubukan ng tao
na kalabanin nang harap-harapan
ang malamig na bakal
at makalyong goma ng makina.
Hindi na muli naulit ang
paghaharap na iyon.
TS!
Krag krag krag krag krag krag krag
Nakainom ang lalaki
nang kanyang paandarin ang motorsiklo
sa maluwang na kalsada.
KRANG! KRANG!
D U N G !
Ang 50 kilometros kada oras
ay naging 65 kilometros
hanggang sa naging 80 kilometros.
DUNG!
DUWAAAAANNNGGG!
Sa pagliko ng motorsiklo'y
limang kilometros lang ang nabawas
nang bulagin siya ng maliwanag na mga mata
ng 10 wheeler na trak.

Nang! Nang!
BAG!
Tumugtog ang pang-siyam na simonya
nang yakapin ng laman at buto
ang malamig na bakal
at mainit na goma.
Nawasak ang bungo na parang pakwan
at tumilansik ang pulang dugo
sa maalikabok na daan.
Wisik!
Tang. Tang. Tang.
Weewoo-weewoo!

## LOUDER FOR THE PEOPLE IN THE BACK



*For this episode of* LOUDER FOR THE PEOPLE IN THE BACK, *we chat with writers who submitted pieces to publications but got rejected. Elle, a writer from the Visayas, is one of them.*

**1. Hi Elle! Please introduce yourself a bit.**

I'm stuck with a job that is no way related to my college degree. I'm from the Visayas. I've lived here my entire life. I wanted to have a career related to my degree but I have to support my family. So now I'm a corporate slave. I'm a pop culture nerd.

**2. So, when did you start writing?**

I started writing when I was in high school. I only started because I wanted to impress all my classmates. They hated me so I figured I should do something they can't do. Hahahaha. But that didn't mean I was the best writer.

**3. Do you still remember the first time you submitted a work for publication (either approved or rejected)? What were your motivations?**

My first rejection was from my high school publication. I was the only one from our class who was a staff member. So naturally I wanted to show off. I submitted this very-high-school-assignment-reaction-paper kind of writing and it didn't appear on the issue. Now I don't have anything to show off. I'm still glad they included my name as a staff member.

**4. Describe to us your feelings the first time your work was rejected.**

I was disappointed. Because I was expecting to be published and hoped my classmates will begin to like me.

**5. Can you share that instance of rejection when you felt most disappointed and/or you felt that your submission did not deserve it? Further, have you ever felt that your work has been rejected for reasons other than aesthetic merits?**

When I was in college, my professors encouraged me to submit to different publications. I thought my writing improved by then. So I did but I'm always getting rejected. I'm getting used to it by now. I might have memorized the lines "We enjoyed your pitch but unfortunately..." Every submission, I had high expectations to be accepted because I carefully tailored my pitch according to what they're looking for. So every time I open those emails, my heart would literally drop. Sometimes I thought of replying them, "Why didn't you like my pitch? Which part didn't you like?" But I didn't, of course. I guess other writers were simply better than me.

6. **Now after receiving more than a few rejections, what are the things you realized/learned along the way that you did not used to know before your first rejection?**

To be honest, I was kinda down with the entire rejection thing because I'm seeing my peers getting published in international magazines and their portfolio adding up. And here I am always getting rejection letters. Along the way I found out that great writers are rejected too. Before, I thought their success was automatic. But what made them be in the position they're in today was perseverance and diligence in continuing what they wanted to do. And also, being surrounded with the right people, like networking.

## CLASSIFIEDS

THE Avant garDen

ORDER YOURS NOW!
BAKEOLOGY
+639332653553




Excited for 2021? Grab the Pedantic Pedestrians Calendar featuring images from "***Remarkable plants of Post-Quake Baguio-La Trinidad, circa 2130***"



NEW ASMR RELEASE ON CASSETTE BY LEVI MASULI "BUCKET OF BISCUITS" WHERE HE MUNCHES ON ASSORTED BISCUITS. PHYSICAL COPY WILL INCLUDE A BOOKLET WHERE HE TALKS ABOUT EACH BISCUIT. ORDER NOW!! MSG HIM ON INSTAGRAM @levimasuli



RARE RENO FOR SALE
CONTACT (2) 884282



RELIGIOUS SOCIETY OF LOVERS OF RICARDO DE UNGRIA
*Our Guiding Word Towards a Tended, Tendered Place...*
JOIN US!
WE BELIEVE that in the meditation of his words, we can achieve a deeper understanding of existence.
The RELIGOUS SOCIETY OF LOVERS OF RICARDO DE UNGRIA is open for membership for everyone who wants to discover life's memory wires, its sacred precints, its makeshift graces.
VISIT OUR SITE AT
RELIGIOUSSOCIETYOFLOVERSOFRICARDODEUNGRIA.WORDPRESS.COM

LOOKING FOR DIRT-CHEAP APARTMENT OR ROOM FOR RENT. OKAY LANG MAY KA-SHARE
MAX BUDGET: 3K
CONTACT: 09563742933







INSTAGRAM: pulot_gata

### Yakang-yakang Tumula — MULA SA P. 8

Boses na subsob sa karanasan—pakikinig sa milagro sa TV, pagtindig na 'di uupo sa tren, paghawak sa sarili sa banyo—umaahon upang magnilay, mag-angas, makabuo ng pang-unawa. "Panas" (o manás) ang salitang-ugat ng "kapansanan," dikit sa beri-beri, "pamamanas." May pansamantalang inaapuhap, sansaglit na hinahagilap ang **Sa Ibang Katawan**, *Ang kapansanan/ ay bahagi ko lamang./Hindi ang aking kabuuan./* Hindi lubos na mararamdaman ang pagkasilong sa mga inakda; sa pag-aakda humahanap ng masisilungan.



Sa kabelang banda, ang etlog bilang sesedlan ng posebeledad ay hende pa lobos na nakatongtong sa dalampasegan ng DNA. Relatebong malaya pa itung lomolotang-lotang sa dagat ng panahon at 'pagegeng.' Alam itu ng lahat ng mga penakabehasang mga magbabalot, at heget pa reto, dahel ang magbabalot ay hende tulad ng mga breeder at livestock farmer na ang negosyu ay magpasoso ng buhay. Ang tereturyong gen-agalawan ng seneng ng pagbabalot ay nasa lay-layan ng bohay at sa pagketel ditu bago tuluyang 'mageng.'

May kanya-kanyang diskarti ang bawat go-magawa ng balot sa kung paanu nela penaglalaroan ang bawat salek sa bawat yogto ng enkubasyon ng balot. Dahel den ditu kaya't may eba't-eba ring ore ng balot. Alam na ng karami-han ang balot sa puti, mamatong, penoy, at iba pa (ang hột vịt lột mula sa Byetnam, halembawa, ay karanewang mas matanda sa mga balot sa Pilipinas; 21 araw ang karanewang ginogogol bagu itu ituring na hosto na para elako). Sa homeget-kumulang tatlung araw na pagkaka-iba nito sa karaniwang balut na genagawa sa Pelepenas, henahayaan ng mga Byetnamis na maabot ng ilang 'hibla' ng posebeledad ang kanilang 'luhikal' na dolo opang sa pagkaen netu ay makoha rin nila ang enerhiyang toloyan nang na-kristalisa o "nabengwet" mola sa walang tegel na daloy ng mga posebeledad/ birtuwalid-ad.

Ngunet maleban sa mga baryasyong itu, mayroong libu-libo pang mutasyon na maaar-eng maganap sa luub ng esang itlog, at karame-han ditu ay walang pangalan.

### IV. Heograpiya

Esang araw ay mas marame pang ditalyi ukol sa balot na ito ang nakarateng sa aken. May nagsabeng maleban sa kakaeba netung lasa't amoy, kapona-pona rin daw ang angken netong etsora. Habang ang karanewang balot ay may apat na bahagi (sesew, delaw, sabaw, at ang mategas na poteng bahagi na tinatawag ng mga Tagalog na bato), tila isang bongkos ng ur-ganikung halimaw ang balot ng magbabalot na itu. Hewa-hewalay ang bahagi ng katawan ng sisiw: nasa tageleran ang esang mata, ang tuka'y nakausle mola sa esang paa, ang delaw ay nasa pagetan ng mga laman-luub na tela, mga etem na hebla ng meswa sa malaput na sabaw, at ang bato ay nasa penakagetna, pirpikto ang pagka-belog.



Mula itaas pakaliwa: [1] capillaries ng halaman; [2] mga neuron sa utak ng tao; [3] polusyon sa yamang tubig; [4] mga ugat sa balat ng balut

Kung hobdan, ang balot na eto ay tela esang na-kakakelabot na monteng planita na maseselayan lamang sa panagenep. Ang naghalung delaw at laman-luub ay mga kontenente; ang sabaw ay mga karagatan at lawa; ang bato ang bakal na kaebotoran nitung kahendek-hendek na daegdeg kong saan nagmomola ang mga polso ng grabedad; sa esang madelem na solok ay esang matang teteteg sa sinomang mangangahas na itu'y lamunen.

### V. Alengawngaw ng lompia

Matapos ang elang bowan ng pagsasaleksek, nawala ren ang akeng enteres sa magbabalot. Milyon na ang nangamatay sa pandimya. Ngayon nagtatrabahu aku sa esang POGO bilang copy-writer.

Esang gabi, habang papaowe mula sa trabaho, nagsekep begla ang akeng paghenga at aku'y na-karamdan ng mga monteng pagkolo sa aking po-son. Elang araw na ren akong walang panlasa.

"Shit," sabi ko sa akeng sarele, habang nag-eesep ng kung anu-anu opang maelayu ang esep sa tawag ng kalekasan.

Begla begla, nareneg ku mole ang kanyang kakaebang tawag, ang tawag ng mahewagang magbabalot, ang penaka-radekal, sa akeng tengen, na magbabalot sa sinom-pang bayan na eto.

Napaekda ako at parang tangang genawang huges kopa ang kamay, tapos nelagay sa taynga. Ba-lot! Ba-ba-ba-baaa-lo-lo-llllo-oo-ot! Ot! Ot! Bal-bal-lot! Bal-bal! Lot-lot! Ot-bal! Ot-bal! OTBAL!

Napakalake ng pinagbagu ng kanyang tawag. Naruon pa rin ang kakaebang melodeya, ngonet may paglalaru na, may galet, dahas, hende lang sa selabikasyon kunde mageng sa pagbegkas. May pagtele, may pagda-hak na parang pagmumumug ng mga morpema, may pagsegaw na parang homehenge ng saklulu. Nasa ebang dimensyon na ang pagtawag ng magbabalot, tila awet ng balyina sa karagaratan na mga serena't dugong lang ang makakaen-tende. Nuun ku ren napagtanto at lobos na na-onawaan - haláng akong sinosobok itung sisirin at pakinggan at ngayu'y pasenghap-senghap na lang habang benabayo ng gaheganting mga alun - magkaeba ang ameng mga daegdeg.

Naghahabol ng henenga, tomakbo aku papunta sa isang eskeneta kong saan ku nahihinohang nanggaleng ang kanyang tawag. Madelem, ngunit maraming mga matang nakatingin. Na-karamdam aku ng esang matules na bagay sa akeng tageleran - hintotoro - "SAK!" Bagu aku lumengon para malaman kung kaninu itu, may nareneg akong boses mula sa di kalayoan, nag-sasabeng, "Tara na, tara na, pontahan na naten ang pono ng lompia!"

## Ginisang Tempeh




Ang tempeh ay isang tradisyunal na pagkain na galing sa Indonesia na gawa sa soybeans o kaya ay garbanzo. Ito ay isang uri ng fermented na pagkaing gawa sa *Rhizopus oligosporus*. Mayaman sa protina, ginagawa itong pamalit sa karne. Maraming paraan para lutuin ito. Isa rito ang simpleng paggisa.

**Mga Sangkap**

**Dalawang hain** ng tempeh (300 gramo)
**Kalahating kutsarita** ng durog na mani(puwedeng almond para mas sosyal)
**2 kutsara** ng lemon
**3 kutsara** ng toyo
**Dalawang** butil ng bawang, ginadgad
**2 kutsarita** ng sesame oil (puwedeng palitan ng vegetable oil o coconut oil)

**Mga Hakbang**

1. Paghaluin ang lemon, sesame oil, bawang.
2. I-marinate dito ang tempeh.
3. Painitin ang mantika ng bahagya, huwag itong hayaang masunog.
4. Igisa ang tempeh sa mantika hanggang magkulay-lupa.
5. Ihain, maaaring i-pares sa kamatis.

